

BACKGROUND 2

Para sa Agarang Paglabas
2021FIN0023-000744
Abril 20, 2021

Ministeryo ng Pananalapi

Mas mabuting pangangalaga sa kalusugan at pangkaisipang kalusugan

Itinampok ng huling taon ang kahalagahan ng matatag na mga serbisyo sa kalusugan at pangkaisipang kalusugan.

Patuloy na pinoprotektahan ng Badyet 2021 ang kalusugan at kaligtasan ng mga British Columbian at pinapalawak ang mga serbisyong inaasahan ng mga tao sa pamamagitan ng \$4 na bilyon sa mga bagong pamumuhunan sa plano ng pananalapi upang palakasin ang mga suporta sa pangangalagang pangkalusugan at pangkaisipang kalusugan. Kasama dito ang \$900 milyon na isang-beses na pagpopondo sa 2021- 22 upang patuloy na maghatid ng mga nauugnay sa COVID-19 na mga serbisyong pangkalusugan.

Mga COVID-19 na suporta sa kalusugan upang mapanatiling ligtas ang mga tao

Habang mas maraming mga tao ang binabakunahan bawa't araw, ang pamahalaan ay patuloy na nagsisikap upang mapanatiling ligtas ang mga tao. Ang Badyet 2021 ay naglalaan ng \$900 milyon sa 2021-22 upang suportahan ang patuloy na pagtugon ng Lalawigan sa COVID-19 na pandemya. Kabilang dito ang pagpopondo para sa:

- Panlalawigang programa ng pagbabakuna upang ang bawa't British Columbian ay makatanggap ng kanilang bakuna sa COVID-19.
- Pagsusuri at pagtatalunton ng pakikipagkontak (contact tracing), pinalawak na pagbabakuna sa trangkaso, dinagdagang kapasidad sa Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit ng BC (BC Centre for Disease Control) at ang Balangkas ng Pagtutulungan sa Kanayunan at Malayong Lugar (Rural and Remote Collaborative Framework) upang mapabuti ang akses sa mga serbisyong pangkalusugan para sa kanayunan, malayong lugar at mga Katutubong komunidad.
- Nagpapatuloy na mga suporta upang matiyak ang kaligtasan ng mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga at tinutulungang pamumuhay, kabilang ang nagsusuring kawani at pagbibigay ng karagdagang personal na pamprotektang kagamitan upang makatulong na panatilihin ang mga sinaunang.

Mas mabuting kalusugan para sa isang malusog na kinabukasan

Patuloy na pinalalakas ng Badyet 2021 ang pangangalagang pangkalusugan ng B.C. upang ang mga tao ay mas handa para sa mga panghinaharap na paghamon sa kalusugan. Kasama sa Badyet 2021 ang isang pamumuhunan na \$2.6 bilyon sa loob ng tatlong taon na pagpopondo para sa pangangalagang pangkalusugan, na kabilang ang:

- \$585 milyon sa plano ng pananalapi para sa Programa ng Pag-akses sa Karera sa Kalusugan (Health Career Access Program) upang magsanay at mag-empleyo ng hanggang 3,000 mga tao upang maging mga suportang manggagawa at katulong sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang pagbubuo ng kapasidad sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, at pagtutunon sa mga taong nawalan ng kanilang mga trabaho sa mga ibang sektor bilang isang resulta ng pandemya.
- \$495 milyon sa plano ng pananalapi upang patuloy na dagdagan ang kapasidad sa diagnostic imaging at pag-opera upang mapabilis ang mga operasyon na kinakailangan ng mga tao.
- \$300 milyon sa loob ng tatlong taon upang matugunan ang lumalaking pangangailangan para sa pangangalaga sa kanser, PharmaCare at mga serbisyo sa ilalim ng Plano ng mga Medikal na Serbisyo.
- \$253 milyon sa plano ng pananalapi upang patuloy na palawakin ang mga nakabatay-sa pangkat na sentro at kagyat na pangunahing pangangalaga na nagbibigay sa mga British Columbian ng mas mabilis na pag-akses sa mga doktor at mga propesyunal na nars.
- \$45 milyon sa loob ng tatlong taon na bagong pagpopondo upang makatulong na matugunan ang sistemikong kapootang panlahi sa Katutubo sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagsasanay

at edukasyon, at sa pamamagitan ng pagpaprayoridad sa pag-eempleyo ng trabahador sa pangangalagang pangkalusugan na mas mahusay na kumakatawan sa iba't ibang mga komunidad ng B.C.

Para sa maraming mga sinyor ng B.C., ang huling taon ay naging lalong nakakapaghiwalay at mahirap. Ang pandemya ay nagsinag ng liwanag sa kahalagahan ng isang matatag na pundasyon ng mga suporta upang panatilihin ang ligtas at malusog ang mga sinyor. Ang Badyet 2021 ay nagtuon sa mga pamumuhunan para sa mga sinyor, kabilang ang \$68 milyon sa loob ng tatlong taon upang maihatid ang kalidad na pangangalaga sa bahay upang matulungan ang mga sinyor sa pang-araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng pagdadagdag sa bilang ng mga alalay sa pangangalaga at iba pang mga pangkomunidad na tagapagbigay ng pangangalaga sa mga komunidad. Ang Badyet 2021 ay namumuhunan din ng \$12 milyon upang magbigay sa mga taong may katamtaman hanggang mataas na kumplikadong mga pangangailangan ng kakayahan upang mapamahalaan ang kanilang kalusugan nang may dignidad sa pamamagitan ng pagtanggap ng pangangalaga sa bahay sa pamamagitan ng Pagsusubaybay ng Kalusugan sa Bahay na Inisyatiba (Home Health Monitoring Initiative).

Ang pinakamalaking pamumuhunan sa pangkaisipang kalusugan sa kasaysayan ng B.C.

Sa pamamagitan ng Isang Landas sa Pag-asa (A Pathway to Hope), ang pamahalaan ay nagsimula ng isang pangmatagalang plano upang baguhin ang sistema ng pangkaisipang kalusugan at paggamit ng droga ng B.C. Ang dalawahang mga emerhensiya sa kalusugan ng COVID-19 at pagkalason sa ipinagbabawal na gamot ay kumuha ng napakalaking bayad. Ang Badyet 2021 ay namumuhunan ng \$500 milyon upang patuloy na palawakin ang mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan at paggamit ng droga upang mas mahusay na maikonekta ang mga tao sa kultural na ligtas at mabisang pangangalaga na kinakailangan nila.

Pagpopondo sa pangkaisipang kalusugan

- \$97 milyon upang bumuo ng isang network ng mga suporta sa pangkaisipang kalusugan para sa kabataan sa pamamagitan ng dinagdagang pagpopondo sa pangkaisipang kalusugan para sa mga paaralan, mga bagong sentro ng Pandayan (Foundry) na nagbibigay sa mga kabataan ng mga mapagkukunan sa kalusugan at kagalingan sa kanilang komunidad, at pinagsamang mga pangkat ng suporta sa bata at kabataan para sa 15 karagdagang mga distrito ng paaralan.
- \$61 milyon na bagong pagpopondo sa loob ng tatlong taon upang mapabuti ang pag-akses at kalidad ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan, kabilang ang pagpapalawak ng pangangalaga sa karamdaman sa pagkain at mas mabuting pag-akses sa mga serbisyong pampigil sa pagpapakamatay at maagang pamamagitan sa psychosis (sakit sa pag-iisip).
- \$14 milyon para sa Awtoridad sa Kalusugan ng mga First Nation (First Nations Health Authority) upang maghatid ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan at pagkagumon sa mga Katutubong tao.

Pang-emerhensiyang tugon sa paggamit ng droga at labis na dosis

- \$330 milyon sa plano ng pananalapi upang magbigay ng buong espektro ng paggamot sa paggamit ng droga at mga serbisyo sa pagpapagaling, kabilang ang \$152 milyon para sa paggamot ng opioid.
- 195 na panggagamot sa bagong paggamit ng droga at mga kama para sa pagpapagaling sa mga komunidad sa buong lalawigan upang matulungan ang mas maraming tao na makapunta sa landas ng paggaling.

Pamumuhunan sa bagong imprastrukturang pangkalusugan

Ang Badyet 2021 ay nagpapatuloy na magtuon sa pagtatayo ng kritikal na imprastrukturang pangkalusugan sa pamamagitan ng 7.8 bilyon na mga pamumuhunan sa kapital sa panahon ng plano ng pananalapi. Susuportahan ng mga pamumuhunan ang mga bagong pangunahing proyekto sa konstruksyon at pagpapabago ng mga pasilidad sa kalusugan, medikal at pandiyagnostikong kagamitan at mga sistema ng teknolohiya. Kabilang sa mga proyekto ng imprastrukturang pangkalusugan ang bagong Ospital ng Surrey at Sentro ng Kanser (Surrey Hospital and Cancer Centre) at ang bagong St. Paul's Hospital, pati na rin ang mga bagong ospital sa Distrito ng Cowichan, Dawson Creek at Distrito, Terrace at Stuart Lake. Kabilang din sa mga pamumuhunan ang mga bagong espasyo para sa mga pasyente sa Ospital ng Burnaby, Kamloops' Royal Inland Hospital, Penticton Regional Hospital at Cariboo Memorial Hospital.

Kontak:

Mga Relasyon sa Media ng
Ministeryo ng Pananalapi
250 387-5710

Makipag-ugnay sa Lalawigan ng B.C. sa: news.gov.bc.ca/connect